fraserhealth

Better health.
Best in health care.

Tagalog

Setyembre 2022:

**Tungkol sa: Healthy Back to School Guide ng Fraser Health**
**Re: Fraser Health's Healthy Back to School Guide**

Mahal na mga magulang, guardians, at mga estudyante sa Fraser Health region,

Natutuwa kami sa 2022/2023 school year at sa patuloy na pagsuporta sa kalusugan at kabutihan ng school communities sa aming rehiyon. Ibinabahagi namin sa inyo ang mga sumusunod na web resources at impormasyon tungkol sa mga serbisyo ng public health upang suportahan ang healthy at ligtas na pagbalik sa paaralan para sa lahat ng mga estudyante at kanilang mga pamilya/guardians habang pinananatili ang mabuting kalusugan.

**Resources para sa pagpapanatili ng mabuting kalusugan sa eskwelahan**:

Tingnan ang aming Healthy Back to School Guide (fraserhealth.ca/schools) para sa impormasyon tungkol sa kung paano tulungan ang mga bata na pamahalaan ang back to school anxiety, kumain nang mabuti sa kalusugan, ligtas na magpunta at bumalik mula sa eskwelahan, at matulog nang mahimbing. Makakahanap ka rin ng resources para sa mga magulang/guardians at mga bata hinggil sa kaalaman at paghadlang ng overdose, paggamit ng droga o alak, gender at sexual identity, at mga mabubuting relasyon.

**Patnubay sa COVID-19 para sa mga eskwelahan**

Para sa updated provincial guidance at impormasyon tungkol sa mga eskwelahan at sa COVID-19, bisitahin ang British Columbia Centre for Disease Control (BCCDC) Schools web resource.

**Immunizations (Mga Bakuna):**

***Immunizations – pagpasok sa Kindergarten, Grade 6 at Grade 9***

- Maaaring makuha ng mga bata ang kanilang **Kindergarten entry** immunizations simula 4 na taong-gulang at dapat nila kunin ang mga inirerekomendang bakuna bago sila pumasok sa eskwelahan. Ang impormasyon kung paano mag-book ng Kindergarten immunizations ay mahahanap sa aming children and youth immunizations page.
- Sa B.C., ang school-aged children at teens ay inaalok ng mga bakuna sa **Grade 6 at Grade 9**. Maaaring makuha ng mga estudyante sa Grade 6 at Grade 9 ang immunizations mula sa public health nurses sa school clinics. Ang impormasyon at mga porma ng pahintulot para sa mga estudyante sa Grade 6 at Grade 9 ay ibibigay sa mga estudyante upang maiuwi nila ito sa simula ng school year. Hinihikayat ang mga magulang/guardians na kausapin ang kanilang mga anak tungkol sa pahintulot para sa immunization.

***Pagpapabakuna laban sa COVID-19***

- Bukod pa sa mga immunization sa itaas, ang lahat ng mga bata at kabataan ay hinihikayat na maging up-to-date sa kanilang COVID-19

2022 BC's Top Employers

immunizations. Sa kasalukuyan, ang lahat ng mga táo mula 6 na buwang-gulang ay eligible para sa COVID-19 immunizations.

- Ang booster shots ay available para sa lahat mula 5 taong-gulang sa darating na fall.
- **Ang COVID-19 vaccines ay hindi ibinibigay sa school clinics.**
- Hinihikayat namin ang lahat ng mga bata at kabataan na magrehistro sa gov.bc.ca/GetVaccinated upang makatanggap sila ng abiso kapag panahon na upang mag-book ng mga appointment.

***Flu immunizations (pagpapabakuna laban sa trangkaso)***

- Ang flu vaccine ay inirerekomenda taun-taon para sa lahat ng mga bata at kabataan mula 6 na buwang-gulang.
- Ang flu vaccines ay karaniwang nagiging available sa Oktubre.
- **Ang flu vaccines ay hindi ibinibigay sa school clinics.**
- Upang humanap ng flu clinic, bisitahin ang immunizebc.ca/clinics/flu

**Child health screenings:**

***Dental***

Ang kindergarten dental screening ay patuloy na iaalok ng aming Public Health Dental team. Sa 2022/2023 school year, sila'y mag-aalok ng screening para sa lahat ng mga estudyante sa Kindergarten. Kapag natiyak na ang mga estudyante ay may problema sa ngipin, sila'y bibigyan ng isang referral at resources upang maka-access ng dental care.

***Vision***

Dapat magpatingin ng mata ang mga bata sa isang optometrist bawat taon oras na pumasok sila sa eskwelahan. Sa B.C., ang mga batang hanggang 18-taong-gulang ay eligible para sa isang libreng eye exam bawat taon. Maaaring i-book ng mga magulang/guardians ang vision test ng kanilang anak sa optometrist malapit sa kanila sa pamamagitan ng paggamit sa Find an Optometrist database o kaya sa pamamagitan ng pagtawag sa BC Doctors of Optometry sa 604-737-9907.

***Pandinig***

Ang mabuting pandinig ay mahalaga para sa speech at language development at maagang pagtuklas ng kahinaan ng pandinig. Alamin ang mga palatandaan ng hearing loss at kung paano irefer ang mga estudyante sa isang public health audiology clinic malapit sa iyo sa aming hearing services page.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa dental care, vision o hearing tests para sa mga bata, bisitahin ang aming child health screenings page (fraserhealth.ca/childhealthscreenings).

***Ang B.C. Healthy Kids Program***

Ang Healthy Kids Program ay nagbibigay ng coverage para sa basic dental treatment, vision care, at tulong sa pandinig sa mga batang nasa mga pamilyang mababa ang kinikita.

Tagalog

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa impormasyon sa sulat na ito, mangyaring kontakin ang iyong local public health unit na nakalista sa ibabâ.

| **Public Health Units:** | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **Abbotsford**<br>Tel: 604-864-3400<br>Fax: 604-864-3410 | **Agassiz**<br>Tel: 604-793-7160<br>Fax: 604-796-8587 | **Burnaby**<br>Tel: 604-918-7605<br>Fax: 604-918-7630 | **Chilliwack**<br>Tel: 604-702-4900<br>Fax: 604-702-4901 | **Cloverdale, Surrey**<br>Tel: 604-575-5100<br>Fax: 604-574-3738 | **Guildford, Surrey**<br>Tel: 604-587-4750<br>Fax: 604-587-4777 |
| **Hope**<br>Tel: 604-860-7630<br>Fax: 604-869-2332 | **Langley**<br>Tel: 604-539-2900<br>Fax: 604-514-8036 | **Maple Ridge**<br>Tel: 604-476-7000<br>Fax: 604-476-7077 | **Mission**<br>Tel: 604-814-5500<br>Fax: 604-814-5517 | **New Westminster**<br>Tel: 604-777-6740<br>Fax: 604-525-0878 | **Tri-Cities**<br>Tel: 604-949-7200<br>Fax: 604-949-7211 |
| **Newton, Surrey**<br>Tel: 604-592-2000<br>Fax: 604-501-4814 | **North Delta**<br>Tel: 604-507-5400<br>Fax: 604-507-4617 | **North Surrey**<br>Tel: 604-587-7900<br>Fax: 604-582-4811 | **South Delta**<br>Tel:604-952-3550<br>Fax:604-946-6953 | **White Rock**<br>Tel: 604-542-4000<br>Fax: 604-542-4009 | |